CCNC-SJ

Labanan ang Kapootang Panlahi sa Canada!
Para sa mga Mag-aaral na Grado 4 at Pataas
Itinanghal ng Chinese Canadian National Council - For Social Justice (CCNC-SJ)

Ang poster na ito ay bahagi ng isang serye upang matulungan ang mga mag-aaral na malaman ang tungkol sa kapootang panlahi sa Canada at kung paano ito lalabanan sa kanilang mga komunidad! Ang serye ng pag-aaral na ito ay mayroong 6 na poster at 6 na video. Kung makakaya, subukang magsimula sa simula at i-tsek ang mga ito sa pagkakasunud-sunod! Ang poster na ito ay ang ikaapat sa mga serye.

Paglaban sa Kapootang Panlahi: Magsanay Tayo!

Kung makarinig ka ng isang rasistang komento o makakita ng isang bagay na rasista, narito ang 5 bagay (o 5 D) na maaari mong gawin:

Distract (Gambalain)
Gumawa ng isang bagay na magpaparinig sa mga tao o tumingin sa ibang bagay.

Delegate (Italaga sa ibang tao)
Humingi ng tulong sa isang tao.

Document (I-dokumento)
Isulat kung ano ang nangyari, tulad ng oras, araw at pangalan ng mga tao.

Delay (Antalahin)
Pagkatapos mangyari ang kapootang panlahi, tanungin ang tao kung ayos lang sila.

Direct (Pamahalaan)
Magsalita laban sa rasismo kapag ito ay nangyayari.

Depende sa kung ano ang nangyayari, maaari kang gumamit ng mahigit sa isa sa mga 5 D. Kung hindi ka sigurado, subukan ang kahit isang paraan. Ang mahalaga ay may ginagawa ka tungkol dito.

Kung ang kapootang panlahi ay nangyayari sa iyo, maaari mo pa ring subukan ang isa o higit pa sa mga 5 D ngunit hindi lahat ng mga ito ay maaaring gumana. Kung may mga taong malapit na pinagkakatiwalaan mo, humingi sa kanila ng tulong sa mga 5 D.

Magsanay tayo ng 5 D! Para sa bawat senaryo, basahin kung ano ang mangyayari. Pagkatapos ay basahin ang bawat D at magpasya kung alin ang gusto mong gawin.

Senaryo 1: Sa Recess

Nakikipaglaro ka sa dalawang kaibigan. Ang isa sa kanila ay gumagawa ng isang nakakatawang komento tungkol sa punto ng isang tao.

Distract (Gambalain):
Pag-usapan ang tungkol sa iyong mga libangan o mga plano para sa katapusan ng linggo.

Delay (Antalahin) + Delegate (Italaga sa ibang tao):
Dalhin ang iyong kaibigan sa kabilang bahagi ng palaruan o sa isang lugar na malayo mula sa isang tao. Tanungin sila kung sila ay okey at kung gusto nila ng tulong mula sa isang nasa hustong gulang.

Direct (Pamahalaan):
Pangalanan ito: Sabihin sa iyong kaibigan, "Ang komentong iyon ay rasista."

Damahin ito: “Ang komentong iyon ay ginagawa tayong hindi komportable. Narito kung bakit.”

Magtanong tungkol dito: "Bakit nakakatawa ang pagkakaroon ng isang punto?"



Senaryo 2: Sa loob ng Silid-aralan

Kumakain ka ng tanghalian sa iyong mesa. Naririnig mong pinagtatawanan ng isang estudyante ang isa pang estudyante sa pamamagitan ng pagsasabi na mayroon silang “Chinese virus”.

Distract (Gambalain):
Ilipat ang iyong upuan. Umupo sa tabi ng estudyanteng pinagtatawanan at kausapin sila tungkol sa kanilang mga plano pagkatapos ng klase.

Delegate (Italaga sa ibang tao):
Sabihin sa isang guro, tagasubaybay ng tanghalian o ibang nasa hustong gulang ang tungkol sa komento.

Document (I-dokumento) + Delegate (Italaga sa ibang tao):
Sa papel, isulat ang komento at ang mga pangalan ng mga mag-aaral. Ibigay ang tala na ito sa isang guro, tagasubaybay ng tanghalian o ibang nasa hustong gulang.

Delay (Antalahin):
Pagkatapos ng tanghalian, hanapin ang estudyanteng pinagtatawanan at tanungin sila kung ayos lang sila.

Direct (Pamahalaan):
Pangalanan ito: Sabihin sa iyong kaibigan, "Ang komentong iyon ay hindi maganda dahil ang COVID-19 ay hindi nagmumula sa isang grupo ng mga tao."

Damahin ito: “Hindi maganda ang komentong iyon. Pabayaan mo sila."

Magtanong tungkol dito: "Ano ang ibig mong sabihin kapag sinabi mong, 'Chinese virus'?”

Senaryo 3: Sa isang Online Chat

Habang nagpapadala ka ng mga online na mensahe sa isang grupo ng mga kaibigan, nagbabahagi ka rin ng isang rasistang karanasan na nangyari sa iyo. Nag-mensahe pabalik ang isang kaibigan, “Sobrang pagod na ako sa mga taong nag-uusap tungkol sa lahi. Kailangan nating humintong tingnan ang kulay dahil tayong lahat ay mga tao.”

Distract (Gambalain):
Magpadala ng nakakatawang meme tungkol sa ibang paksa.

Delegate (Italaga sa ibang tao):
Magpadala ng pribadong mensahe sa isa pang kaibigan sa online chat at tanungin kung may masasabi sila tungkol dito.

Document (I-dokumento):
Kumuha ng isang screenshot ng komento. Ibahagi ito sa isang nasa hustong gulang at tanungin sila kung paano mo maaaring kausapin ang iyong kaibigan.

Delay (Antalahin):
Iwanan ang online chat upang suriin ang iyong nararamdaman. Sumaling muli kapag nararamdaman mo na gusto mong makipag-usap muli sa iyong mga kaibigan.

Direct (Pamahalaan):
Pangalanan ito: Sabihin sa iyong kaibigan, “Ang hindi pagtingin sa kulay ay nangangahulugan na walang kapootang panahi, ngunit sa katotohanan ay may kapootang panlahi sa maraming bahagi ng mundo pati sa Canada.”

Damahin ito: “Ang komentong iyon ay nagpapadama sa akin ng _____. Hayaan mong ipaliwanag ko kung bakit.”

Magtanong tungkol dito: “Ito ang nalalaman ko tungkol sa lahi. Ano sa tingin mo?”

Senaryo 4: Sa Pasilyo

Habang naglalakad ka kasama ng iyong kaibigan, dumaan ka sa isang grupo ng mga Itim na estudyante. Pagkatapos, ang iyong kaibigan ay gumawa ng isang rasistang biro tungkol sa mga Itim.

Distract (Gambalain):
Tanungin ang iyong kaibigan kung ano ang akakainin nila para sa tanghalian. Huwag tumawa sa kanilang biro.

Delay (Antalahin):
Sabihin sa iyong kaibigan na kailangan mong pumunta sa banyo. Pagkatapos, maghanap ng isang nasa hustong gulang at magtanong kung paano mo maaaring kausapin ang iyong kaibigan.

Direct (Pamahalaan):
Pangalanan ito: Sabihin sa iyong kaibigan, "Ang biro na iyon ay rasista sa mga taong Itim. Hindi ito nakakatawa.”

Damahin ito: “Ayoko ng mga rasistang biro.”

Magtanong tungkol dito: “Bakit sa tingin mo nakakatawa ang birong iyon?”

Senaryo 5: Sa Silid-aklatan

Nakita mong nagtatawanan ang dalawang estudyante habang tumitingin sa aklat tungkol sa mga Katutubo. Tinawag ka nila at itinuro ang mga larawan sa aklat habang pinagtatawanan nila ang mga Katutubo sa kanilang tradisyonal na damit.

Distract (Gambalain):
Ipakita sa mga mag-aaral ang mga aklat na iyong binabasa. Huwag kang tumawa sa kanila.

Delegate (Italaga sa ibang tao):
Ipaalam sa librarian o guro kung paano ginagamit ng dalawang mag-aaral ang aklat.

Document (I-dokumento) + Delegate (Italaga sa ibang tao):
Sa papel, isulat ang pangalan ng aklat at ang mga pangalan ng mga estudyante. Pagkatapos ay ibigay ang tala na ito sa librarian o sa isang guro.

Direct (Pamahalaan):
Pangalanan ito: Sabihin sa mga estudyante, “Ito ay rasista sa mga Katutubong tao.”

Damahin ito: “Hindi komportable ang pakiramdam ko kapag hindi niyo sila nirerespeto. Ang kanilang tradisyonal na damit ay maganda at ang mga Katutubo ng Canada ay isang mahalagang bahagi ng mundo.”

Magtanong tungkol dito: “Ano ang nakakatawa sa kanilang tradisyonal na damit?”

Ang serye ng pag-aaral na ito ay ginawa ng mga guro na mayroong suporta ng mga mag-aaral, mga pamilya, mga organisasyon at mga miyembro mula sa mga komunidad ng Katutubo, Itim at Tsino.

Para sa higit pang mapagkukunan ng mag-aaral, bisitahin ang ccncsj.ca/further-learning.
Para sa mga pagsipi, bisitahin ang ccncsj.ca/infographics.
Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang ccncsj.ca.

PCMC MUSEUM OF MIGRATION
Funded by the Government of Canada
Financé par le gouvernement du Canada
Canada
CCNC-SJ 2021